Inaadya kaya kayo at tinutustusan kayo kundi dahil sa mga mahina ninyo."}

Ayon kay Muṣ`ab bin Sa`d na nagsabi: {Nagturing si Sa`d (malugod si Allāh sa kanya) na may kalamangan siya higit sa mababa sa kanya, kaya nagsabi ang Propeta (basbasan ito ni Allāh at pangalagaan): "Inaadya kaya kayo at tinutustusan kayo kundi dahil sa mga mahina ninyo."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy]

Nagpalagay si Sa`d bin Abī Waqqāṣ (malugod si Allāh sa kanya) na siya ay may kalamangan sa sinumang mababa sa kanya kabilang sa mga mahina dahilan sa katapangan niya at tulad niyon. Kaya nagsabi ang Propeta (basbasan ito ni Allāh at pangalagaan): "Inaadya kaya kayo at tinutustusan kayo kundi dahil sa mga mahina ninyo dahil sa mga panalangin nila, dasal nila, at pagpapakawagas nila sapagkat sila kadalasan ay higit na matindi sa pagpapakawagas sa panalangin at higit sa kataimtiman sa pagsamba dahil sa kawalan ng mga puso nila ng pagkahumaling sa mga palamuti ng Mundo."

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/3367